BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Enero 6, 2023
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Aaron Richardson, 415.760.0242

Distrito ng Hangin, nag-e-endorso ng mas mababang pamantayan sa kalusugan para sa particulate matter

Mga bagong target para sa mas malinis na hangin, agarang kinakailangan para maprotektahan ang mga residente ng Bay Area mula sa mapaminsalang polusyon sa hangin

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Hangin ang suporta nito para sa mga iminumungkahing pagbabago sa Mga Pambansang Pamantayan sa Kalidad ng Ambient na Hangin (National Ambient Air Quality Standards), o NAAQS, para sa polusyong dulot ng particulate matter.

Inaatasan ng Batas sa Malinis na Hangin ang Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran sa Estados Unidos (United States, U.S.) na itakda ang Mga Pambansang Pamantayan sa Kalidad ng Ambient na Hangin para sa mga pollutant na itinuturing na mapaminsala sa pampublikong kalusugan at kapaligiran. Inilalarawan ng mga pamantayan sa kalidad ng hangin ang puwedeng maging dami ng pollutant na ito sa ambient na hangin na maituturing pa ring ligtas para sa paghinga. Iminungkahi ng Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) na ibaba ang taunang pamantayan para sa particulate matter mula sa 12 patungo sa antas na 9 hanggang 10 micrograms per cubic meter ng hangin.

“Lubos na sinusuportahan ng Distrito ng Hangin ang kamakailang pagkilos ng Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran sa U.S. na paigtingin ang Mga Pambansang Pamantayan para sa Kalidad ng Ambient na Hangin para sa particulate matter,” sabi ni Sharon Landers, ang pansamantalang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Habang tumitindi ang epekto ng kalidad ng hangin sa ating mga komunidad kasabay ng pagbabago ng klima, talagang kinakailangan ng mas mahihigpit na pamantayan para maprotektahan ang pampublikong kalusugan. Ang matapang at may-kabatirang pagkilos na ito ng EPA ay hudyat ng muling pagdepende sa pinakabagong agham at makakatulong sa pagprotekta sa kalusugan ng lahat ng residente sa Bay Area, lalo na sa mga nakatira sa mga komunidad na lubos na naaapektuhan ng polusyon sa hangin.”

Noong 2019, isinagawa ng Distrito ng Hangin at ng Konseho sa Pagpapayo nito ang Symposium Series para sa Particulate Matter para bigyang-daan ang talakayan sa pagitan ng mga siyentipikong kinikilala sa buong bansa at ng mga stakeholder para isaalang-alang ang kalagayan ng agham sa particulate matter sa kasalukuyan. Napag-alamang bagama't malaki na ang nagawa ng Bay Area para mabawasan ang particulate matter, kinakailangan ng mas mahihigpit na pamantayan para maprotektahan ang pampublikong kalusugan.

Ang particulate matter ang pinakanagdudulot ng mga panganib sa kalusugan pagdating sa kalidad ng hangin sa Bay Area. Ang pagkakalantad sa particulate matter ay naiugnay na sa mga malalang sakit sa baga at mas malaking posibilidad ng atake sa puso, at ito ay mapaminsala, sa partikular, sa mga bata, nakatatanda, at mga taong mag kundisyon sa baga.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*